

INTRODUKSIYON

GASÁ SA GAZA: PANITIKAN AT PANININDIGAN SA PANAHOON NG DIGMA

MJ RAFAL

Matindi ang hamon ng taong 2023.

Bago matapos ang taon, lumantad sa ating lahat ang lagim na matagal nang nangyayari sa Gaza—ang paglipol ng Israel sa mga Palestino, ang sistematikong pagpapaalis sa lupaing marapat namang para talaga sa mga katutubong Palestino. Ngunit hindi sa kaso ng Israel na kinasasapakat ng imperyalistang Estados Unidos upang tuloy-tuloy ang opensibang militar laban sa mga inaakusahang teroristang Hamas, pinalalabnaw ang rebolusyunaryong diwa ng pagbawi para pulbusin ang hindi naman mapupulbos na adhika at tapang ng mga Palestino na ipaglaban ang kanilang lupa at lahi. Wika nga ni Yahya R. Sarraj, ang mayor ng Gaza, sa kanyang maikling artikulo sa *The New York Times*, “Palestinians deserve to be free and have self-determination. Gaza’s emblem is the phoenix, which rises from the ashes. It insists on life” (2023).

Hindi na ito usapin na lamang ng relihiyon. Lupa at lupa pa rin ang dahilan kung bakit may digmaan. At laging ang mga bata, kababaihan at matatanda ang unang nasasawi sa ganitong lagim. Tuloy-tuloy rin ang digmaan sa pagitan ng Ukraine at Russia. Tila ba nasa bingit tayo ng napipintong pagkawasak at ang tanging nagagawa na lamang natin ay sumaksi sa mga nangyayari at maaari pang mangyari.

Ngunit kung saksi lamang tayo sa pagbangon ng phoenix mula sa abo, hindi ba’t tila kasabwat na rin tayo ng mga kaaway habang may lagim na nailalantad sa ating harapan? Gayunman ang maibabato ng karaniwang tao: ano ang magagawa ng tulad kong maliit sa ganito kalalaking pangyayari?

Dito marahil pumupuwang ang panitikan. Dito nagkakaroon ng kahulugan ang manunulat.

*

Ngayong taon, at tulad ng mga nauna, nagtatagpo sa *Entrada* ang mga usaping nakatanim sa personal naratibo ng sarili at ang gitgitan ng pulitikal na espasyo at tunggali, nagsasangandaaan ang mga nagsisimula't sumusubok na manunulat at ang mga subok-batikan nang mga manunulat. Naglulundo sila sa mga temang pumapaksa sa loob at labas ng sarili at sa lalim at lawak ng lipunan. Isang siklikal at natural na proseso ito na karaniwang kinakaharap at pinagdedesisyunan ng mga pumipili sa panulat bilang larang ng kanilang pagmamalay sa daigdig. Ibig sabihin, ideolohikal ang haraya at hindi isang vacuum na tagatanggap lamang ng mga ihahain ng pagkakataon.

Makikita ito, halimbawa, sa pagdadalumat ng koleksyong “*Tagulaylay*” ni Ronald A. Atilano—na maaaring kilalanin bilang ubod ng kasalukuyang bolyum ng *Entrada*. Malay sa pagkilala sa kasaysayan at oral na tradisyon si Atilano. Nagawa, at malakas, ang tulang “*Arkipelago*” sa pagsasaysay at pagpapaalaala ng iba’t ibang alamat/mito hinggil sa pagiging pulo-pulo ng Pilipinas gayundin ang mga sinaunang paniniwala ng mga katutubong nanirahan sa mga islang ito bago dumating ang mga mananakop. Bagamat tila isang ensayong mapaglaro at kumbinyente ang ‘concrete poem’ bilang anyong sinususo ng tula, hindi naman ito sagabal sa proyekto ng makata. Makikitang nagsimula ang tula sa anyo ng mapa ng Pilipinas at nagtatapos sa salpukan ng mga Orador sa Luneta kung saan rin matatagpuan ang relief map ng Pilipinas. Pinagmumuni’t pinaglalakbay tayo ng mga tula ni Atilano—na ang ating mga pagtingin sa kasaysayan, na laging nararapat gawin at siyasatin; na ang ating mga dinaraandaanang mga monumento’t liwasan ay nagsasabog ng dunong at liwanag tulad ng buwan na lagi’t laging naririyan kahit sa bituka ng estero.

Sa kabilang banda, mas kongkreto at sinasapul ng koleksyon ni Adrian Pete M. Pregonir na “*Hinggil sa Mina at Iba pang Paghahalukay*” ang mga tiyak na karanasang malapit sa aktuwal na lagim na nangyayari sa mga isla ng Pilipinas, at partikular sa koleksyon, ang napakayamang isla ng Mindanao na dekadangada na ring nilalaspag ng walang habas at bastos na pagmimina. Magandang halimbawa ang koleksyon ni Pregonir sa pagsandig sa tula bilang lunsaran ng protesta, ng paglalantad sa mga pangyayari sa kanayunan na hindi na halos nabibigyan ng puwang sa burgis na entabaldo ng produksyong pampanitikan. Sa kabila ng

makabagong teknolohiyang ipinakikilala ng kapital, malaganap pa rin ang pyudal na pagsasamantala sa mga kabukiran at kabundukan na kakabit, at nagreresulta, sa walang patumanggang pagwasak sa kalikasan—lahat sa ngalan ng hungkag na kaunlaran. Isang hindi matatawarang kalakasan rin ng koleksyon ni Pregonir ang paglalakip ng salin ng mga tula sa wikang Kinaray-a. Kahangahanga ito, at tanda ng respeto at pagkilala, hindi lamang sa labang nilalayong ipagpunyagi kundi maging sa kaakibat na kultural na mga aspektong kailangang bandila at tanging ang wika ng mga biktima lamang ang nakapagsasaysay.

Makabuluhan naman ang paggalugad ng koleksyong “Ang Habi ng Hininga at iba pang tula” ni Jose Velando Ogatis-I sa paglalansag sa mga eskuwaladong iskima ng mga nakinabang sa latay ng nagdaaang pandemya. Hinihimay ni Ogatis-I ang nagdaaang pandemya, lalo sa naging dagok nito sa bansa. Ang kalakasan ng koleksyong ito ay ang ang pagkilala sa danas ng mga katutubo na waring nawaglit sa usapan noong panahon ng face mask at face shield. Matalas ang mga tula ni Ogatis-I, masiste pa kung tutuuusin—na hindi birong kasanayang panretorika na madalas nababalewala ng mga nagmamakata sa kasalukuyan. Sa pagtutok ng mga tula sa iba’t ibang politikang naging mitsa rin kung bakit naisulat ang mga ito, at sa paggamit ng mga interteksto’t intersemiotika, nagtatagumpay si Ogatis-I sa pagsisiwalat ng kapalpakan ng gobyerno kasabay ng pagsasangkapan sa salita at tula upang makapaglapat ng mga karampatan pang pagkilatis upang hindi na maulit ang mga dapat maulit. Hindi ba’t ganito naman marapat nakatutugon ang tula sa kanyang mambabasa? Nag-iwan at nagtutulak ng pagkilos mula sa paglalantad sa pamamagitan ng talinghaga. Pagkat kung walang naiwan at naitulak upang kumilos, nasaan ang tula bilang pagdanas?

Ang ordinaryo, karaniwan, pang-araw-araw naman ang kalakasang gumigitaw sa koleksyong “Betsingko atbp.” ni Glen Patrick Camante. Kapansin-pansin sa makata ang kakayahan nitong isudlong ang masining na pananalinhaga sa mga waring maaari nang palampasin para isatula, o yaong mga hindi katula-tula, kumbaga. Halimbawa, sa tulang “Sa Hatinggaging Pamimisikleta,” sinusuysoy ng persona ang pang-araw-araw at ordinaryong obserbasyon sa akto ng pamimisikleta at pagbabaybay sa mga daan at eskinita. Karaniwan kaya’t natural, natural kaya’t matalinhaga. Pagkat nasa pinakakaraniwan, pinakamadalas, ang hinahanap nating mga kahulugan at kabuluhan.

Nailarawan naman ng mga dagli ni Ronnie M. Cerico sa kanyang koleksyong “Paralawod at iba pang dagli” ang kahirapan ng pamumuhay

sa isla, partikular sa isla ng Catanduanes. Dagdag ito sa mas lumalawak ngayong lawas ng mga akdang umuugnay at nagsasatinig sa danas at naratibo ng mga mangingisda sa bansang tulad ng Pilipinas na nalilibot ng mga dagat at mga anyong tubig. Kapansin-pansing malay ang mayakda sa komplikadong laro at tunggali ng uri na marapat lamang para sa isang manunulat na pumapaksa sa kalagayan ng mga manggagawang-tubig, manggagawang-dagat. Ang ganitong pagkakamalay sa tunggali ng uri ay kinakailangang laging bitbit ng manunulat na nagnanais isatinig at isiwalat ang kalagayan ng mga karaniwan at maliliit, dito mas titining ang pagkilala't paninindigan sa mga laban at pagpupunyaging kanilang isinusulong.

Malinaw naman ang pulitikang bitbit ng kuwentong “Ang Lalaking May Pantay-Pantay na Tabas ng Buhok sa Kanyang Mukha” ni Jay Jomar F. Quintos. Sa pamamagitan mapagliming himig, gamit ang mga vignette at rekoleksyon ng mga alaala, mahusay at epektibong nailahad ni Quintos ang politisasyon ni Victor. Ang ganitong mga kuwento ay akto ng pagtatala, sabihin pang, ang manunulat ay nagiging historyador, lalo't higit, ng mga pinipiping naratibo na tinatabunan ng higanteng makinarya ng pagbubura at pagtatago ng mga nakikinabang sa bulok na sistema. Kalakasan ring nakaposisyon ang tagpuan ng kuwento, ang Davao, bilang sangandaang lokasyon na pinag-iralan ng karahasan at impunidad na isinabansa ni Rodrigo R. Duterte nitong nagdaang mga taon. Ngayon, higit kailanman pa man, kailangang maparusahan ang arkitekto ng walang kaawa-awang pagpaslang sa mga karaniwang tao't binabansagang “kalaban ng bayan.” Alam natin kung sino ang pangunahing dapat ikulong, at kung sino-sino ang dapat sumunod sa kanya sa bilangguan. May hustisya para sa mga karaniwan at maliliit, at marapat itong igiit, lagi't lagi.

Kung said na ang balon ng mga personal na kuwento at kuwento ng mga personal na kakilala, saan na huhugot ang manunulat ng kanyang mga ikukuwento? Dito natin laging mapagtitiwalaan si U Z. Eliserio at ang kanyang mga akda na laging humahangga sa pagbangga sa mga nakasanayan natin ukol sa mga kuwento, partikular, ng mga maikling kuwento sa bansa. Napakayaman at napakabulas ng imahinasyon ni Eliserio kaya't hindi rin katakatakang ito ang makinang nagpaaandar sa kanyang pagiging prolipikong manunulat. Laging magaan ang wika ni Eliserio sa kanyang mga sulatin at hindi hiwalay dito ang kanyang “Ang Bampira sa Hangganan.” Magaang wika sa sasaluhan ng siste, mapang-uyam, at mga katawa-tawang mga tagpo na bibihira, o iilan lamang na mga manunulat, ang matagumpay na nakapaglalangkap sa kanilang mga sulatin, sa loob o labas man ng bansa. Magaan ang wika ngunit hindi magaan ang nilalaman.

Na nauuwi rin, pinakamadalas, sa absurdismo—na hindi naman rin itinatanggi ni Eliserio. Sa ganito laging nagiging kaabang-abang ang mga akda ni Eliserio, ang baril ni Chekov, tulad ng kanyang “Ang Bampira sa Hangganan.”

Maaaring tingnan naman bilang interrogasyon ang kuwentong “Renta” ni Merdeka D. Morales. Interrogasyon sa mga kapasyahang pinipili ng isang may hindi karaniwang pagkahilig at lumalampas ang mga pagtingin sa kung ano ang tinatanggap ng lipunan. Isa ba itong akto ng pagtatanggol? Isa ba itong sesyon ng isang sikolohikal na therapy, at tayo bilang mambabasa ay kasangkot sa interrogasyon, hindi na lamang sa mga nakapaloob na mga tauhan sa kuwento kundi mismong sa ating sariling mga pagpapasya. Ngunit, mga rabaw lamang ito sa ninanais ng akda ni Morales. Maigting sa kuwento na ito ni Morales ang komplikasyong nakapalibot sa mga relasyong pangkapangyarihan, ang uri at ari na nagiging lunan ng mga maiinit na huntahan at pagtatalo tungkol sa mga napapanahong pagpapahalaga sa buhay, sarili, at mga pagpili. Sa pagtatapos ng kuwento, maaaring may pagtuklas na magbubukas sa mambabasa—kapanapanabik o pagbabalik? Pagninilayin tayo ng kuwento.

Pagpatay bilang kapital. Hindi malayong hindi mangyari. At kung tutuusin, ito na ang nangyayari dati pa man, at mas naging palasak nitong huling anim-pitong taon dahil ang mismong pangulo na ng bansa ang nagdikta. Ganito ang ipinamamarali ng posibilidad na inihahain ng kuwentong “Qtl” ni Lean Karlo Borlongan. Tungkol ito sa extra-judicial killing, tungkol ito sa chess, na mahusay na napagsalikop ni Borlongan—mahirap ding hindi banggitin ang pag-alingawngaw ng impluwensya ni Wilfredo Pa. Virtusio at Ramon G. Guillermo. May deklarasyon si Borlongan na isa itong akdang dystopian. Ngunit tanging ang isang cellphone application pa lamang sa kuwento ang pwedeng elementong makapagpapatunay sa proyektong ito ni Borlongan. Nobela itong nakapsula bilang maikling kuwento. At kaabang-abang ang nobelang maiaanak ng germinasyong lumalagom sa kuwentong “Qtl.”

Pinili namang paksain ng personal na sanaysay na “Sewing Kit Raid Kay Nanay Orang” ni Jason Federigan Pozon ang karanasan ng kanyang pagkabata at karanasan sa paggawa, lalo ng isang babae. Testimonyal ang himig ng sanaysay at malaki ang naitulong ng paggamit niya ng mga tumpak na bagay at kagamitan ukol sa pananahi upang matahi at itampok ang karanasan ng persona sa sanaysay. Lantad na lantad sa sanaysay ni Pozon ang direktang kaalaman niya tungkol sa mundo ng pananahi at makikita sa ito detalyadong mga paglalarawan at mga tumpak na salitang

tanging ang isang nabuhay at lumaki lamang sa ganoong mundo ang makapagsasalaysay. Mahalaga ang akdang ito sa pagtatampok ng partikular na manggagawa, ang mga manggagawang-tela, dahil nabibigyan ng hubog ang mismong mga danas nila at hindi lamang nalalagom sa mas malalaking naratibo at heneralisasyon tungkol sa paggawa at manggagawa. Sa pagbasa sa sanaysay, mararamdaman natin ang tusok ng karayom sa mga manggagawang-tela na waring tayo, bukod sa natutusok, ay nagtatahi rin ng ating mga naratibo.

Pangalan naman ang sentral na talinghagang pinahahalagahan at binabaklas sa personal na sanaysay na “Pen Name: Kasal sa Papel” ni Arnold Tristan L. Buenaflores. Paano nga bang ang pangalan ay isa ring rehas at ang pangalan ay isa ring susi upang tumakas, lumantad, at lumaya? Hinahamon ng sanaysay ang nakakahon at palasak, ibig sabihin, ang heteronormatibong pagkilala natin sa pakikipagrelasyon. Mahalaga para sa persona ng sanaysay ang pagpapangalan hindi na lamang para sa sariling lugod ng paglaya kundi sa mismong mas malaking laban ng pagpapalaya at pagkilala sa laban ng kasarian, partikular, sa laban ng mga kapatid nating nasa ispektrum ng LGBTQIA++. Kakikitaan rin ang sanaysay ng kahusayan sa pagsasakapang upang pagdukal sa salita, gayundin, sa paggamit ng kasaysayan upang magdiin ng mga pahiwatig na maaaring bitbitin ng mambabasa pagkatapos. Mapagmulat ang sanaysay na ito dahil na rin sa maayos na paglalalatag ng iba’t ibang mga pakahulugan o ebolusyon ng salitang pangalan sa isang lipunan.

Pinagtatagpo naman ng dulang “Red Flag” ni Hannah A. Leceña ang usapin ng pag-ibig, pulitika, at pakikibaka. Sa magaan na wika ng dula, nabigyan ng bulas ni Leceña ang mga internal at eksternal na mga pagbabangaang hindi naisasambit sa mga diyalogo. Sa panahon na ang pangre-redtag ay kinakasangkapan upang pasukuin ang mga sumusubok makisangkot, iba pa ang mismong mga lantay na nakikisangkot at itinaya na ang buhay sa paglilingkod sa bayan, isang mainam na babasahin ang dula ni Leceña bilang dagdag sa naratibo’t lawas ng mga tekstong nagpapaunawa kung bakit kailangang batikusin at burahin ang walang batayang mga pagbabansag lalo sa mga karaniwang mamamayan, na wala itong puwang sa isang demokratikong lipunan.

Pagkilala, pagdakila, at pagtatala—isang proyektong pang-alala ang dalawang huling sanaysay sa Entrada IX. Sakop ito ng mas malaking proyekto ng mga sentrong opisina sa ilalim ng Research Institute for Culture and Language (RICL) ng PUP—tulad ng Center for Creative Writing (CCW), Center for Philippine Studies (CPS), Center for Literature

and Language Studies (CLLS), Center for Translation (CT), at Center for Humanities and Philosophy (CHS)—na likumin at ilantad sa rabaw ng mga diskurso at usapan ang mga nalilimot nang manunulat at iskolar ng PUP na naging pundasyon ng unibersidad sa kung ano ang mga tinatahak nito sa kasalukuyan.

Ang “Si Dominador B. Mirasol at ang Utopya sa Agos ng Kanyang mga Katha, 1960s – 1998,” ni Lenin Carlos Mirasol ay isang kritikal na papel na tumalunton sa halos kabuuang karera bilang malikhaing manunulat ni Dominador B. Mirasol, o mas kilalabilang si Mang Domeng, ang tinatanging ama ng may-akda/mananaliksik. Siksik ang mga detalye at pagkikritika ni Mirasol sa kanyang ama. Mariin ang kanyang deklarasyon na ang kanyang ama ay manunulat na “mula at para sa bayan.” Mahusay, sa kabuuan, ang paglalahad ng may-akda sa buhay at mga akda ni Mang Domeng. Magaan at nakatutuwa ang pagkakasusulat ng may-akda/mananaliksik dahil nabigyan nito ng buhay si Mang Domeng dahil na rin sa mabulas na prosa, at paglalangkap ng siste. Kasabay nito ay ang mapagmuning paglalatag ng may-akda/mananaliksik sa mga konseptong kanyang kinasangkapan (tulad ng mga diskurso sa Social Realism at Utopia) upang basahin naman ang mga akda ni Mang Domeng. Kailangang mabasa ng mga mag-aaral at mananaliksik ng panitikan ang ganitong pananaliksik at maging modelo lalo sa kanilang pagsasagawa ng kasaysayang pampanitikan at/o biograpiya ng manunulat/manlilikhang-sining.

Sa kabilang banda, litaw na litaw ang magkahalong personal na naratibo at pag-alaala ni Efren R. Abueg sa kanyang naging katrabaho at kaibigan, si Cesario Y. Torres. Kailangang ipakilala ang mga katulad ni Ka Saryo lalo sa punto de bista ng mga nakaabot at nakasubaybay sa kanyang karera bilang bilanggong politikal at makata, at malaon ay bilang isang akademiko. Mahalagang maipakilala si Ka Saryo lalo sa mga batang manunulat at makata na naghahanap ng giya at halimbawa sa kung paano dapat pagsikapang isabuhay ang panulat. Maaari ring maging titis ang pag-alaala na ito ni Dr. Abueg kay Ka Saryo, maging lunsaran sa mga susunod pang pag-aaral ukol sa kayang buhay at mga akda.

*

Ang puwang at kahulugan ng manunulat ay hindi ang lumikha ng salamin. Hindi niya basta-basta dapat hanguin ang anumang materyal para lang ipamukha sa atin na ito ang nangyayari. Siya mismo ang dapat na salamin, dala ng kanyang paninindigan ang anumang dala ng kanyang panitikan. Ito ang binabanggit ko sa simula na puwang ng panitikan, at kahulugan ng pagiging manunulat. Marahil, ang mga manunulat

sa kasalukuyang bolyum ng Entrada ay mga salamin—basag-basag na salaming tumitibo sa mga kalaban at kaaway. Basag-basag pagkat sa kabila ng iba't ibang paksa, tema, estilo at anyo, maimamapa silang bahagi ng iisang buong salamin—ang lipunang Pilipinong tuloy-tuloy na itinitindig ang tagumpay, ang maalwan at mabuting kinabukasan para sa nakararami.

Kaya't hindi kailanman mailalayo ang kalagayang mayroon tayo bilang bansa sa kung ano ang dinaranas ngayon ng mga Palestino sa kanilang lupain, at maging ng lahat ng bansa at lahing isinusulong ang kanilang mga kalayaan at Karapatan. Sa isang dokumentong inilabas ng PFLP (Popular Front for the Liberation of Palestine) noong 1969, ang "Strategy for the Liberation of Palestine," ganito ang kanilang deklarasyon:

"One of the basic conditions of success is a clear perspective of things: a clear perspective of the enemy and a clear perspective of the revolutionary forces. It is in this light that the strategy of the struggle is determined, and without this perspective, national action becomes an impetuous gamble which soon ends in failure. Revolutionary political thought is not an abstract idea hanging in a vacuum, or a mental luxury, or an intellectual hobby for the educated, which we can, if we wish, lay aside as an unnecessary luxury. Scientific revolutionary thought is clear thought whereby the masses are able to understand their enemy, his points of weakness or strength and the forces which support and ally themselves to the enemy" (1969).

Laging kaabikat ng ating mga panulat ang paglapit sa sambayanan, ang pagpapaintindi sa kanila ng kanilang kalagayan, ang pagpapakilala sa kanilang mga sariling lakas at kahinaan, at ang pagtukoy sa kung sino ang mga kaaway at sino ang kakampi. Kung babasahin, halimbawa, ang koleksyon ni Pregonir, matutukoy at matutukoy natin ang kalagayan at ang marapat na pagkilos para maitigil ang walang-habas na pagmimina at pagsira sa likas-yaman. Kapag binasa natin ang kuwento ni Quintos, lumulubog tayo sa danas ni Victor, ng kanyang paglalakbay at ng kanyang mga desisyon at pagpili—sa paglubog na ito sa malikhaing mga akda ay nabubuo ang mga pag-unawa sa kanilang mga paninindigan at ang titis na maaaring magpakilos sa mambabasa. Kaya't kung kakapitan at kikilalanin natin ang ating mga panulat bilang lunsaran para sa pakikitalad at protesta, paalaala ni Fargo Nissim Tbakhi sa kanyang artikulong lumabasa sa Protean, ang "Notes on Craft: Writing in the Hour of Genocide,"

na “we’d better know who we’re fighting, who we’re fighting with, and why. Political thought and political education are the vital building blocks of that knowledge. Craft asks us to consider the language first and the politics second, tells us that a political education is not central but peripheral to being a writer. We must reject this” (2023).

Hindi sa hindi nating pinaghuusay ang panulat, ngunit, sa kalagayang mayroon tayo sa kasalukuyan, sekundaryo—ngunit hindi dapat inaabandona ang ‘craft’—sa pagpapatalas ng ating mga balaraw, ng ating mga panulat. Pagpapalawig pa ni Tbakhi (2023): “Craft is that lie. This Craft of the state, the Craft of the weapons manufacturing board members, the silent, silencing universities, the financially imbricated publishers, and the complicit awards bodies. We have to abandon it and write with sharper teeth, without politeness, without compromise. We have to learn, or build, or steal, or steal back, the craft we need for the long Intifada, which we carry with us to liberation and beyond.” Kaylaki ng hinihingi ngunit kaydakila’t kaytala ng panunuri na ito. Tukoy at napagtitibay ni Tbakhi na inangkin na ng kapital, ng mga dominanteng kapangyarihan, ang craft at ginagamit nila ito upang palabuin at labusawin ang ating mga paniniwala at paninindigan sa mga rebolusyunaryo at mapagppalayang mga gawain—kaya’t marapat nating laging usisain ang ating mga panulat.

Kung nabubuhay tayo ngayon sa digmaang nililikha ng mga kalaban at kaaway, wala tayong magagawa kundi makilahok at lumaban, at wag lamang mag-abang sa pagbangon mula sa abo ng phoenix. Wika nga ni Amiri Baraka sa kanyang lektura tungkol sa sining at politika:

“You must raise the level of our understanding of the world... so that we understand the causal connections in the world, why it acts the way it does. So that we don’t believe everybody who smiles at us and gives us a broom is our friend. So that we know who are our friends and who are our enemies, and right now so that we can build that united front. What is the artist’s job? To make war. The artist’s job is unrelenting war on evil” (2004).

Mandirigma tayo, at manunulat. Ito ang sinusubok naming lagi’t laging ihain sa Entrada.

Mga Sanggunian

- Baraka, Amiri. "On Art and Politics." Binghamton University; April 20, 2004. Accessed December 2023. <https://www.youtube.com/watch?v=mn6VzakVgb8&t=1sSarraj>,
- Yahya R. "I Am Gaza City's Mayor. Our Lives and Culture Are in Rubble." *The New York Times*. Dec. 24, 2023. <https://www.nytimes.com/2023/12/24/opinion/gaza-city-`palestine-war.html>
- Tbakhi, Fargo Nissim. "Notes on Craft: Writing in the Hour of Genocide." December 8, 2023. [https://proteanmag.com/2023/12/08/notes-on-craft-writing-in-the-hour-of-genocide/?fbclid=IwAR2g6yxt3eRrigmrN4d8ZP4_vxDsxEKpeYwJLj2kWh1Kur`ytxOKWAuBz8U](https://proteanmag.com/2023/12/08/notes-on-craft-writing-in-the-hour-of-genocide/?fbclid=IwAR2g6yxt3eRrigmrN4d8ZP4_vxDsxEKpeYwJLj2kWh1Kur`ytxOKWAuBz8U)